Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-64 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA CASA REAL SHRINE, PASEO DEL CONGRESO, LIANG, LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-06 NG OKTUBRE, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 285-2023**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAHAYAG NG PAGBATI AT PAGSUPORTA ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD AT BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, SA PAGDIRIWANG NG IKA-58 TAONG ANIBERSARYO NG PAGPAPAHAYAG SA CASA REAL NG MALOLOS BILANG PAMBANSANG DAMBANA SA PAMAMAGITAN NG ATAS TAGAPAGPAGANAP BILANG 173, SERYE 1965.**

**ITINAGUYOD NI: KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
**AKDA NINA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE "AYEE" CHERYLL B. OPLE, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Malolos, na may malaking ambag sa kasaysayan ng bansa, ay lunan ng mga bayani at kinatatayuan ng mga imprastraktura at gusaling naging saksi sa mahahalagang kaganapan sa ating bayan, tulad na lamang ng Casa Real na matatagpuan sa kahabaan ng Paseo del Congreso, sa ating kabayanan;

**SAPAGKAT,** ang Casa Real ang naging opisina ng mga Punong Ehekutibo ng bayan o Gobernadorcillo, na siyang pinakamataas na posisyong binigay sa mga Pilipino ng mga kolonyal na awtoridad noong kapanahunan ng mga Espanyol;

**SAPAGKAT,** ang Casa Real ay isang makasaysayang edipisyo, na kilala din bilang Casa Presidencia Municipal sa kadahilanan ito ang nagsilbi na Pamahalaang Bayan ng Malolos noong rehimeng Amerikano at nagtaglay ng unang palimbagan ng unang Republika ng Pilipinas at naglathala ng *Revulutionary Organ Kalayaan* at *La Independencia;*

**SAPAGKAT,** noong Oktubre 04, 1965 ay idineklara ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas ang Casa Real sa Malolos, Bulacan bilang Pambansang Dambana sa bisa ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 173, s. 1965;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay labis na nagbibigay pagpapahalaga sa kasaysayan, kultura at mga dakilang pamana ng lahi ng ating pamayanan gayundin ang ambag sa kasaysayan ng mga imprastraktura kagaya ng Casa Real;

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** naniniwala ang Sangguniang Panlungsod ng Malolos na kinakailangang pangalagaan at mapanatili ang integridad at kabuluhan ng mga makasaysayang pook, katulad ng Casa Real, upang maisalin ang mga aral at kasaysayan nito sa susunod na henerasyon;

**DAHIL DITO,** sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Victorino M. Aldaba III** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASYA,** gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na ipinahahayag ang taus-pusong pagbati ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod – Abgdo. Christian D. Natividad at bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod – Kgg. Miguel Alberto T. Bautista, sa Pagdiriwang ng Ika-58 Taong Anibersaryo ng Pagpapahayag sa Casa Real ng Malolos bilang Pambansang Dambana sa pamamagitan ng Atas Tagapagpaganap Bilang 173, serye 1965.

**IPINASYA PA RIN,** na mabigyan ng sipi ng Kapasyahang ito ang Panglunsod na Tanggapan ng Sining, Kultura at Turismo at ang Tagapangasiwa ng Dambana ng Casa Real para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTIBAY.**

***KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10062023